## Insurance at Pagsingil

Ang Patient Financial Services (Mga Serbisyong Pinansiyal para sa Pasyente) sa Fred Hutchinson Cancer Center ay makakatulong sa iyo para pamahalaan ang pinansiyal na bahagi ng iyong pagpapagamot sa kanser.

May impormasyon kami tungkol sa insurance, sa pag-unawa sa iyong mga bill, at sa mga organisasyong makakatulong sa mga gastusin sa pagpapagamot sa kanser.

## Saklaw ng Insurance

Tumatanggap ang Fred Hutchinson Cancer Center (Fred Hutch) ng iba't ibang insurance plan para sa kalusugan. Pakitawagan ang kumpanya ng iyong insurance bago ka magpatingin para maunawaan kung ano ang babayaran nila, kung aling mga provider at ospital ang kasali sa network, at kung ano ang kailangan mong bayaran mula sa sariling bulsa. Pakitawagan ang kumpanya ng iyong insurance bago ka magpatingin para kumpirmahin kung kailangan sa insurance mo ang isang referral o paunang awtorisasyon. Responsibilidad mong ibigay sa kawani ng Fred Hutch ang impormasyon tungkol sa saklaw ng iyong insurance at sabihan sila sakaling magbago ang iyong saklaw. Dalhin sa appointment mo ang iyong mga card para sa insurance at ID na may litrato.

Nagpapaserbisyo ang Fred Hutch sa mga provider ng pangangalagang pangkalusugan na empleyado ng University of Washington Physicians (UWP). Kaakibat ng Fred Hutch ang University of Washington Medical Center (UWMC). Maaaring tumanggap ng mga serbisyo sa UWMC ang mga pasyente ng Fred Hutch. Pakitanong sa kumpanya ng insurance mo kung kasali sa network sa iyong plan ang Fred Hutch, UWP, at UWMC. Nakalista sa ibaba ang mga angkop na Tax ID at National Provider Identifier (NPI).

NPI ng Fred Hutch: 1164493847

Tax ID ng Fred Hutch: 91-1935159

NPI ng UWMC: 1326002049

TAX ID NG UWMC: 91-6001537

NPI NG UWP: 1023041159

TAX ID NG UWP: 91-1220843

Nakikibahagi ang Fred Hutch sa mga komersiyal na tagapagbayad, Medicare plan, at Medicaid plan para sa mga pasyenteng nakatira sa Washington, Alaska, Montana, at Idaho.

### Washington State Balanced Bill Protection Act (BBPA) (House Bill (HB, Panukalang-batas sa Kamara) 1065) at Pederal na No Surprise Act (NSA)

Mula noong Enero 1, 2020, pinoprotektahan ka ng batas ng Estado ng Washington laban sa Biglaang Pagsingil o Pagsingil ng Balanse sakaling tumanggap ka ng pang-emergency na pangangalaga sa anumang medikal na pasilidad o kapag ginamot ka sa isang ospital o pasilidad para sa outpatient na pagpapaopera na kasali sa network ng isang provider na hindi kasali sa network. Ang mga pasilidad at provider ng pangangalagang pangkalusugan ay kailangang magpaskil ng listahan ng mga network ng komersiyal na provider ng insurance sa kalusugan kung saan sila nakikibahagi. Mula noong Enero 1, 2022, mas malawak ang sakop na mga plano at serbisyo ng pederal na No Surprises Act (NSA, Batas na Nagbabawal sa Pambibigla), kaysa sa Balance Billing Protection Act (BBPA, Batas na Nagpoprotekta laban sa Pagsingil ng Balanse) ng Washington.

### Good Faith Estimate

Sa ilalim ng Pederal na No Surprises Act, may karapatan kang makatanggap ng Good Faith Estimate (Pagtatantiyang May Kabutihang-loob) na nagpapaliwanag kung magkano ang magagastos sa medikal na pangangalaga sa iyo. Ang mga provider ng pangangalagang pangkalusugan ay inaatasang magbigay ng pagtatantiya sa bill para sa mga medikal na gamit at serbisyo sa mga pasyenteng walang insurance o hindi gumagamit ng insurance.

**Mahahalagang katotohanan tungkol sa iyong mga karapatan sa ilalim ng probisyong “Good Faith Estimate”:**

- May karapatan kang makatanggap ng Good Faith Estimate para sa kabuuang inaasahang gastos sa anumang gamit o serbisyong hindi pang-emergency. Kasama na rito ang mga kaugnay na gastos tulad ng mga medikal na pagpapasuri, resetang gamot, bayarin sa kagamitan at ospital.
- Siguruhin na ang provider mo ng pangangalagang pangkalusugan ay magbibigay sa iyo ng nakasulat na Good Faith Estimate nang hindi bababa sa isang araw na may pasok bago ang iyong medikal na serbisyo o gamit. Puwede ka ring manghingi sa iyong provider ng pangangalagang pangkalusugan, at sa sinupamang ibang provider na pipiliin mo, ng Good Faith Estimate bago ka mag-schedule ng item o serbisyo.
- Kung makakatanggap ka ng bill na mas malaki nang hindi bababa sa $400 kaysa sa iyong Good Faith Estimate, puwede mong tutulan ang bill.
- Siguruhing magtatabi ka ng kopya o litrato ng iyong Good Faith Estimate.

Listahan ng mga Network ng Fred Hutch (PDF)

Paunawa sa Biglaang Medikal na Pagsingil at Pagsingil ng Balanse (PDF)

**Mga Plan sa Washington Healthplanfinder**

Pumunta sa Washington Healthplanfinder (Panghanap ng Plan para sa Kalusugan sa Washington)

Ang pag-enroll sa Washington Apple Health ay isinasagawa buong taon at hindi mo kailangan ng espesyal na panahon ng pag-enroll para mag-apply.

Ang mga indibidwal na humihiling ng espesyal na pag-enroll o gustong humiling ng pagbabago ay puwedeng:

- Makipag-ugnayan sa Washington Healthplanfinder Customer Support Center mula 7:30 am hanggang 5:30 pm Pacific Time, Lunes hanggang Biyernes sa (855) 923-4633; TTY: (855) 627-9604; email: askmagi@hca.wa.gov. Makakakuha ng tulong sa 175 wika. Nagbibigay ng libreng tulong sa wika at mga akomodasyon para sa may mga Kapansanan.
- Makipag-ugnayan sa isang lokal na sertipikadong broker.
- Makipag-ugnayan sa Fred Hutch Patient Financial Services sa (206) 606-6226 na opsiyon 2 o sa toll free na (800) 304-1763.
- Basahin dito ang iba pang impormasyon tungkol sa Washington Healthplanfinder.

Ang Fred Hutch ay hindi provider na kasali sa network para sa lahat ng plan ng pangangalagang pangkalusugan na makikita sa Washington Healthplanfinder. Bago pumili ng plan, tiyaking alam mo ang mga angkop na gagastusin mo at ng iyong pamilya mula sa sarili ninyong bulsa. Ang Bukas na Pag-enroll ay nagsisimula tuwing Nobyembre 1 at nagtatapos tuwing Enero 15 taon-taon (magkakabisa ang saklaw simula sa Enero 1 ng susunod na taon).

Ang Fred Hutch ay isang provider na kasali sa network para sa mga sumusunod na plan ng pangangalagang pangkalusugan na makikita sa Washington Healthplanfinder:

- BridgeSpan (RealValue at UW Medicine EPO)
- Kaiser Foundation Health Plan of WA**
- LifeWise (Preferred, Assurance, Primary** at Alpine**)
- Molina Marketplace
- Premera Individual Signature
- United HealthCare Charter

*******Hindi kasali sa network, pero puwedeng i-access ang Fred Hutchinson Cancer Center kung may paunang awtorisasyon*

**Tulong sa pag-unawa sa insurance**

Makakatulong sa iyo ang isang Tagapayo sa Pananalapi para maunawaan ang mga benepisyo ng insurance mo. Tumawag sa (206) 606-6226 at piliin ang opsiyon 2 o sa toll-free na (800) 304-1763 at magpalipat sa isang Tagapayo sa Pananalapi.

Kung tatanggap ka ng stem cell o bone marrow transplant, makikipag-ugnayan sa iyo ang isang Tagapangasiwa sa Pananalapi para talakayin ang mga benepisyo sa transplant mo at ang proseso ng paunang awtorisasyon.

**Pagtatantiya ng gastos**

Para alamin ang tinatantiyang singilin sa isang inirerekomendang plano ng pagpapagamot, tumawag sa (206) 606-6226 at piliin ang opsiyon 3.

Nililimitahan ng maraming kumpanya ng insurance ang mga pagbabayad sa mga schedule ng bayarin na "pangkaraniwan, nakagawian, at makatwiran". Maaaring iba ang aming mga singilin kumpara sa mga palugit sa "pangkaraniwan, nakagawian, at makatwiran" ng mga kumpanya ng insurance; responsibilidad mong magbayad anuman ang mga limitasyon sa "pangkaraniwan, nakagawian, at makatwiran" ng iyong insurer.

I-search ang Presyo

**Paunang awtorisasyon para sa isang serbisyo**

Ang mga Kumpanya ng Insurance para sa Pangangalagang Pangkalusugan ay kadalasang nag-aatas ng paunang awtorisasyon para sa ilang partikular na serbisyo, kabilang na ang CT, MRI, at PET imaging; chemotherapy; radiation therapy; Immunotherapy at Stem Cell/ bone marrow transplant. Makikipagtulungan kami sa iyo para makakuha ng paunang awtorisasyon mula sa insurance carrier mo para sa mga serbisyong ibinibigay namin. Gayunpaman, maaaring hindi ito posible kung inorder at ibinigay ang mga serbisyo sa loob ng wala pang 48 oras.

Sa mga sitwasyong iyon, inirerekomenda naming makipag-ugnayan ka sa kumpanya ng iyong insurance para sa paunang awtorisasyon. Kung hindi makakabayad ang kumpanya ng iyong insurance dahil walang paunang awtorisasyon, ikaw ang may responsibilidad na magbayad.

Makipag-ugnayan sa tanggapan ng doktor na pangunahing nangangalaga sa iyo para sa isang referral sa Fred Hutch kung kailangan ng insurance plan mo ng referral ng isang provider ng pangunahing pangangalaga bago ka makakapagpagamot dito.

**Kung hindi ka insured**

Kung wala kang insurance, makikipagtulungan sa iyo ang isang tagapayo sa pananalapi ng Fred Hutch para alamin kung kwalipikado ka para sa tulong pinansiyal o Medicaid, na isang pederal/pang-estadong programa ng insurance sa kalusugan na pinagtutulungang pondohan para sa mga taong may mababang kita.

Idinidirekta ng Fred Hutch ang mga pasyenteng walang insurance sa mga Health Care Exchange Plan na partikular sa kanilang estado. Puwedeng gamitin ng mga residente ng estado ng Washington ang Washington Healthplanfinder para makapili ng plan batay sa gastos at saklaw. Sa ilalim ng pederal na Affordable Care Act (Batas sa Abot-kayang Pangangalaga), hindi maaaring hindi saklawin ng mga kumpanya ng insurance ang mga taong may mga umiiral nang kondisyon.

Pumunta sa Washington Healthplanfinder

**Mga klinikal na pagsubok**

Ang saklaw para sa pagpapagamot na tinatanggap bilang bahagi ng klinikal na pagsubok ay iba-iba depende sa mga kumpanya ng insurance sa kalusugan. Para sa mga benepisyado ng Medicare, saklaw ang pagpapagamot na tinatanggap sa mga klinikal na pagsubok, nang may ilang paghihigpit. Kung may tanong ka, tumawag sa (206) 606-6226 o sa toll-free na (800) 304-1763.

**Tulong sa pagbabayad para sa pangangalaga**

May makukuhang tulong pinansiyal ang mga residente ng estado ng Washington batay sa pangangailangan ng pamilya at mga resource ng Fred Hutch. Makakatulong sa iyo ang isang tagapayo sa pananalapi ng Fred Hutch sa mga aplikasyon para sa mga programa ng tulong pinansiyal o pampublikong insurance gaya ng Medicaid. Maaaring makatulong ang mga programang ito sa iyong mga bill sa pangangalagang pangkalusugan sa kasalukuyan at sa hinaharap. Magpagawa sa iyong taga-schedule ng isang appointment kasama ng tagapayo sa pananalapi o makipag-ugnayan nang direkta sa isang tagapayo sa pananalapi sa (206) 606-6226 at piliin ang opsiyon 2 o sa toll free na (800) 304-1763.

## Impormasyon sa Pakikipag-ugnayan ng Insurance

Pumili ng opsiyon

**Asuris**

https://www.asuris.com/web/asuris_individual/contact-us

Numero ng Telepono: 1-888-367-2109

**Bridgespan Health**

https://www.bridgespanhealth.com/web/bridgespan_individual/contact-us

Numero ng Telepono: 1-855-857-9944

**Community Health Plan of Washington**

http://www.chpw.org/about-us/contact-us/

Numero ng Telepono: 1-800-440-1561

**Coordinated Care**

https://www.coordinatedcarehealth.com/content/coordinatedcare/en_us/contact-us.html

Numero ng Telepono: 1-877-644-4613

**Health Alliance Northwest**

https://www.healthalliance.org/contact-us

Numero ng Telepono: 1-877-686-1168

**Kaiser Foundation Health Plan of Washington**

https://wa.kaiserpermanente.org/html/public/about/contact

Numero ng Telepono: 1-888-901-4636

**LifeWise Health Plan of Washington**

https://www.lifewisewa.com/visitor/contact-us/

Numero ng Telepono: 1-800-592-6804

**Molina**

http://www.molinahealthcare.com/members/common/en-US/abtmolina/compinfo/Pages/contactus.aspx

Numero ng Telepono: 1-800-869-7165

**Premera Blue Cross**

https://www.premera.com/wa/visitor/contact-us/

Numero ng Telepono: 1-800-722-1471

**Regence BlueShield**

https://www.regence.com/web/regence_individual/contact-us

Numero ng Telepono: 1-888-734-3623

**United Healthcare Community Plan**

http://www.uhccommunityplan.com/contact-us.html

Numero ng Telepono: 1-800-905-8671

## Ang Affordable Care Act

Sinusuportahan ng Fred Hutch ang mga layunin ng Affordable Care Act (ACA) upang mapabuti ang saklaw ng insurance para sa mga may insurance, palawakin ang abot-kayang saklaw sa mga hindi insured, at mapabuti ang kalidad ng pangangalagang pangkalusugan at ang kaligtasan ng pasyente. Sa Estadong ito, libo-libong indibidwal na walang insurance sa kalusugan ang makakakuha nito sa tulong ng Washington Health Benefit Exchange. At para sa karamihan ng pasyenteng may kanser, inaalis ng ACA ang problema sa mga panghabambuhay na maximum, tinitiyak na saklaw ang mga umiiral nang kondisyon, at pinapabuti ang access sa mga klinikal na pagsubok.

Sa kasamaang-palad, tungkol sa pag-access sa dekalidad na pangangalaga sa kanser, ang ilang Plan na iniaalok sa Washington Healthplanfinder ay hindi magbibigay ng saklaw para sa pagpapagamot sa kanser sa Fred Hutch. Dahil maaari itong makaapekto sa iyo at sa iyong pamilya, gusto ka naming bigyan ng ilang impormasyong makakatulong sa iyo para i-navigate ang mga opsiyon mo sa pangangalaga.

Nasa ibaba ang isang buod ng mga madalas itanong hinggil sa Washington Health Benefit Exchange. Kung mayroon kang anumang personal na tanong hinggil sa mga opsiyon mo sa pagpapagamot, hinihikayat ka naming makipag-ugnayan nang direkta sa kumpanya ng iyong insurance. Available ang aming team para sa Pagpapayo sa Pananalapi tuwing Lunes hanggang Biyernes mula 7:30 am hanggang 4 pm. Puwede silang direktang makaugnayan sa (206) 606-6226 at piliin ang opsiyon 2 o (800) 304-1763.

## Mga Madalas Itanong

**Sa aling mga insurance plan sa Washington Healthplanfinder kasali ang Fred Hutch?**

Ang Fred Hutch ay isang provider na kasali sa network para sa mga sumusunod na plan ng pangangalagang pangkalusugan:

- BridgeSpan (RealValue at UW Medicine EPO)
- Kaiser Foundation Health Plan of WA*.
- LifeWise (Preferred, Assurance, Primary** at Alpine**)
- Molina Marketplace
- Premera Individual Signature
- United Health Care Charter

***Hindi kasali sa network, pero puwedeng i-access ang Fred Hutchinson Cancer Center kung may paunang awtorisasyon*

**Ano ang dapat kong gawin kung sinabihan ako na hindi saklaw ng bago kong insurance coverage ang kasalukuyan kong pagpapagamot at pagpapaalaga sa Fred Hutch?**

Kung itinuring ang Fred Hutch bilang provider na hindi kasali sa network sa bago mong saklaw ng insurance mula sa Washington Heathplanfinder, maaari itong makaapekto sa mga gagastusin mo mula sa iyong sariling bulsa para sa pangangalaga sa kanser. Dahil natatangi ang bawat kaso, mahalagang makipag-ugnayan ka sa kumpanya ng insurance mo para talakayin ang iyong mga opsiyon. Bukod pa rito, available ang aming team para sa Patient Financial Services (Mga Serbisyong Pinansiyal para sa Pasyente) upang talakayin ang mga opsiyon para maipagpatuloy ang pangangalaga namin sa iyo. Available ang Pagpapayo sa Pananalapi tuwing Lunes hanggang Biyernes mula 7:30 am hanggang 4 pm sa (206) 606-6226, opsiyon 2 o sa toll free na (800) 304-1763.

**Paano ako makakatiyak na saklaw ang doktor ko ng insurance ko habang ginagamot ako sa Fred Hutch sa UW Medical Center - Northwest, Fred Hutch sa UW Medical Center - Montlake, Fred Hutch sa EvergreenHealth, Fred Hutch sa Overlake Cancer Center, Issaquah, Peninsula, o Proton Therapy?**

Ang pinakamabuting paraan para maunawaan ang iyong saklaw ay makipag-ugnayan sa kumpanya ng insurance mo at tanungin sila tungkol sa iyong doktor nang partikular. Available ang Patient Financial Services (Mga Serbisyong Pinansiyal para sa Pasyente) ng Fred Hutch upang tulungan ka sa mga pakikipag-usap na iyon kung kailangan.

**Paano kung nasimulan ko na ang pagpapagamot sa Fred Hutch? Mahalaga para sa akin na maipagpatuloy ang pangangalaga sa akin. May tao bang puwedeng tumulong para itaguyod ang saklaw ko matapos tumangging magbayad ang insurer ko?**

Mahalagang makaugnayan nang maaga ang kumpanya ng insurance mo upang ganap na maunawaan ang anumang pagbabago sa iyong saklaw. Ang bawat insurance plan ay may naiibang lupon ng mga pamantayan hinggil sa pagpapatuloy ng pangangalaga.

**Sasabihan ba ako ng bagong kumpanya ng insurance tungkol sa anumang pagbabago sa saklaw? Ano ang puwede kong gawin kapag nalaman kong nagbago ang saklaw ko nang hindi ako nasabihan?**

Dapat makipag-ugnayan sa iyo ang kumpanya ng insurance mo tungkol sa anumang update. Kapag tinatalakay ang anumang pagbabago, mahalagang malaman ang mga detalye tungkol sa iyong network ng provider pati na rin sa plan ng mga benepisyo. Gamitin ang mga sumusunod na tanong bilang gabay kapag nakikipag-usap sa kumpanya ng iyong insurance:

- Anong mga pasilidad at doktor ng pangangalagang pangkalusugan ang itinuturing na “kasali sa network”?
- Anong mga pasilidad at doktor ng pangangalagang pangkalusugan ang itinuturing na “hindi kasali sa network”?
- Ano ang mga responsibilidad ko mula sa sariling bulsa para sa mga provider ng pangangalagang pangkalusugan na kasali at hindi kasali sa network?

**Kanino ako makikipag-ugnayan kung may karagdagan akong tanong?**

Inirerekomenda namin na tawagan mo muna ang numerong nasa likod ng iyong insurance card para maunawaan nang direkta mula sa kumpanya ng insurance mo kung ano ang mga uri ng pangangalagang sinasaklaw nila ngayon. Kung may alalahanin ka tungkol sa kung paano mo mababayaran ang pangangalaga sa iyo o kailangan mo ng anumang karagdagang tulong, tumawag sa Patient Financial Services (Mga Serbisyong Pinansiyal para sa Pasyente) ng Fred Hutch sa (800) 304-1763.

**Paano ako makikipag-ugnayan sa Fred Hutch Patient Financial Services kung may tanong o alalahanin ako?**

Available ang Patient Financial Services (Mga Serbisyong Pinansiyal para sa Pasyente) tuwing Lunes hanggang Biyernes mula 7:30 am hanggang 4 pm sa (800) 304-1763.

## Pagsingil sa Ospital

Ang Fred Hutchinson Cancer Center at ang aming mga klinika ay mga pasilidad na nasa ospital. Nahahati sa dalawang parte ang paraan ng pagsingil sa mga serbisyo ng mga pasilidad na nasa ospital. Depende sa mga serbisyong natanggap mo, maaari kang makatanggap ng dalawa o higit pang hiwalay na bill para sa iisang petsa ng serbisyo.:

- **Mga bayarin sa pasilidad** - Manggagaling ang isang bill sa Fred Hutch para sa mga bayarin sa pasilidad kung saan kasama ang mga singil para sa pagpapatingin sa klinika, infusion, kagamitan, at supplies.
- **Mga bayarin sa doktor** - Maaari ka ring makatanggap ng bill mula sa University of Washington Physicians (UWP) para sa mga bayarin sa propesyonal o doktor, pathologist, at radiologist.


Batay sa mga benepisyo ng iyong insurance plan, ipoproseso ng kumpanya ng insurance mo ang magkakahiwalay na claim nang may mga co-pay, coinsurance, at ibinabawas na halaga.

## Mga Tanong tungkol sa Tulong sa Pagsingil

Kung may tanong ka, makipag-ugnayan sa partikular na tanggapan sa pagsingil na nakalista sa ibaba para sa kasagutan.

**Fred Hutch South Lake Union, Fred Hutch sa EvergreenHealth, Fred Hutch Issaquah, Fred Hutch Peninsula, Fred Hutch sa Overlake Medical Center, o Fred Hutch sa UW Medical Center – Northwest, Fred Hutch Proton Center**

- Makakatanggap ka ng bill para sa “pasilidad” ng klinika kapag tumanggap ka ng mga serbisyo mula sa Fred Hutch South Lake Union, Fred Hutch sa EvergreenHealth, Fred Hutch Issaquah, Fred Hutch Peninsula, Fred Hutch sa Overlake Medical Center, Fred Hutch sa UW Medical Center – Northwest o Fred Hutch Proton Center.
- Para sa mga tanong tungkol sa iyong bill sa klinika ng Fred Hutch, tumawag sa Billing Office (Tanggapan sa Pagsingil) ng Fred Hutch sa (206) 606-6226 o sa toll-free na (800) 304-1763, o mag-email sa amin sa ptacct@seattlecca.org.



Fred Hutch
Cancer Center

✓ Make check payable to Fred Hutchinson Cancer Center
✓ Please include your Phone No. and Account No. on your check
✓ Enclose this payment stub with your payment
Check box if you have updated address/insurance carrier information on reverse side

| PATIENT NAME | PATIENT NUMBER | AMOUNT DUE NOW | AMOUNT I AM PAYING |
|---|---|---|---|
| | | $50.00 | $ |

Check One:
☐ Payment Enclosed ☐ Charge (Complete below)
☐ VISA ☐
Credit Card Number — Exp Date
Credit Card Holder's Signature — CVV Code
Cannot be processed without signature and CVV code - 3 digit code on the back.

FRED HUTCHINSON CANCER CENTER
PO BOX 34005
SEATTLE WA 98124-1005

SAMPLE

245 000010849 0000020798677 9

**Tanggapan sa Isahang Pagsingil ng UW Medical Center at UW Physicians**

Kapag nagpatingin ka sa outpatient na klinika ng Fred Hutch o UW Medical Center, makakatanggap ka ng bill mula sa UW Medicine. Kung maoospital ka nang isang buong gabi hanggang kinabukasan sa UW Medical Center, makakatanggap ka ng bill mula sa UW Medicine o Fred Hutch. Pagkatapos magpatingin sa kahit anong klinika o ospital ng Fred Hutch, makakatanggap ka ng bill mula sa UW Physicians para sa mga propesyonal na serbisyong ibinigay sa iyo ng doktor na tumingin sa iyo o sa ilalim ng gabay nila.

**Impormasyon sa pakikipag-ugnayan para sa Harborview Medical Center, UW Medical Center, UW Physicians, at UW Neighborhood Clinics**

Bayaran ang iyong bill online o magpadala sa amin ng mensahe sa MyChart. Patient Accounts and Support Services (Mga Serbisyo sa mga Account at Suporta para sa Pasyente) (206) 520-0400 o +1 (855) 520-0400

- Oras: Lunes - Biyernes: 8 am - 5 pm
- Address: P.O. Box 35013, Seattle, WA 98124-3413
- Website tungkol sa Billing and Insurance (Pagsingil at Insurance) ng UW Medicine

**Pagsingil sa iyong insurer**

Matutulungan mo kaming masingil nang tama ang kumpanya ng iyong insurance kung ibibigay mo ang kumpletong impormasyon sa Registration and Patient Financial Services (Mga Serbisyo sa Pagrehistro at Pinansiyal para sa Pasyente) ng Fred Hutch kapag nagrehistro ka. Mahalagang maipaalam sa amin ang anumang pagbabago sa address mo, saklaw ng insurance, o trabaho ng taong may pinansiyal na responsibilidad para sa iyong mga bill.

Kapag nakabinbin ang isang claim sa insurance, makakatanggap ka pa rin ng bill sa bawat buwan kung may hindi pa nababayarang balanse ang iyong account. Responsibilidad mong bayaran ang iyong account sa loob ng mga limitasyon sa aming patakaran sa credit (tingnan sa ibaba).

Depende sa iyong insurance, maaaring may responsibilidad ka para sa isang copayment o coinsurance. Ibabatay ang halaga sa mga serbisyong ibinigay at sa saklaw ng iyong insurance.

**Patakaran sa credit ng Fred Hutch**

Dapat magbayad sa loob ng 30 araw pagkatanggap mo sa iyong bill mula sa Fred Hutch, UW Medical Center, o UW Physicians. Kung hindi ka makakapagbayad nang buo, makipag-ugnayan sa angkop na tanggapan sa pagsingil para makipagkasundo kung paano magbabayad. Mahalagang magawa ito kaagad pagkatanggap sa mga statement mo hanggang sa mabayaran na nang buo ang iyong account, nasasaklaw ka man ng insurance o hindi.

## Impormasyon/Pangtantiya ng Presyo para sa Pasyente

Naninindigan ang Fred Hutch sa pagiging tapat tungkol sa aming mga singilin. Nagbibigay kami ng mga serbisyong outpatient at inpatient. Ang ibinibigay na impormasyon ay kumakatawan sa aming mga karaniwang sinisingil para sa lahat ng pasyente sa kasalukuyan.

I-search ang Presyo

## Pagbabayad sa Iyong Bill

Pinahahalagahan namin ang maagap mong pagbabayad.

HUWAG MAGPADALA NG PERA SA KOREO.

Ang mga paraan ng pagbabayad na tinatanggap ng bawat pasilidad ay inilalarawan sa ibaba, nang may kasamang impormasyon sa pakikipag-ugnayan kung may tanong ka tungkol sa pagsingil.

**Mga FAQ tungkol sa Online na Pagbabayad ng Bill**

**Paano ko makikita ang buwanang statement ko at paano ako magbabayad online?**

Para makita ang iyong buwanang statement at magbayad online, naka-enroll ka dapat sa MyChart https://mychart.uwmedicine.org/prod01/Authentication/Login

**Ano ang Encounter Number?**

Ang Encounter Number ay tumutukoy sa numerong naka-print sa iyong papel na statement. Nagsisimula ito sa numerong 6 at binubuo ng walong digit (halimbawa: 69999999). Iba-iba ang makukuha mong encounter number para sa bawat petsa ng serbisyo na magpapatingin ka sa Fred Hutch.

**Ano ang Patient ID?**

Ang Patient ID ay ang numerong naka-print sa itaas ng unang pahina ng iyong papel na statement sa ilalim ng Pangalan ng Pasyente. Ito ay numerong may pitong digit. Ito ang account number na ginagamit para i-access ang kabuuan ng iyong account.

**Puwede bang i-access ng ibang kapamilya ang online account ko?**

Ang proxy access ay nagbibigay ng access sa medikal na rekord ng ibang tao sa MyChart. Puwedeng gumamit ng iba't ibang uri ng proxy access depende sa edad at sitwasyon ng pasyente. Para sa impormasyon tungkol sa paghiling ng proxy access sa account ng mga kapamilya, i-click ito. https://mychart.uwmedicine.org/PROD01/Authentication/Login?mode=stdfile&option=proxy

**Matatanggap ko pa rin ba ang mga buwanang papel na statement kung magsa-sign up ako para sa mga statement na hindi papel?**

Hindi. Sa proseso ng pag-enroll, tatangunin sa iyo kung gusto mong matanggap ang iyong mga buwanang statement sa paraang electronic lang o patuloy na matanggap ang mga statement mo sa koreo. Kapag pinili mong tanggapin ang iyong mga buwanang statement sa paraang electronic, hindi mo na matatanggap ang mga ito sa koreo. Puwede kang bumalik kahit kailan sa papel, pumunta lang sa profile ng pasyente sa seksiyong 'Billing Account Summary (Buod ng Account sa Pagsingil)' para palitan ang pinili mo.

**Puwede ba akong magbayad online nang hindi nag-e-enroll?**

Oo.  Pakihanda ang Pangalan ng Guarantor at Patient ID, tulad nang nakasaad sa iyong statement, at i-click ang Pay Bill (Bayaran ang Bill) sa ilalim ng Guest Services (Mga Serbisyo para sa Bisita).

**Makakapagbayad ba ako online para sa maraming pagpapatingin?**

Oo. Piliin ang mga pagpapatinging gusto mong bayaran.

**Makikita at mababayaran ko ba ang mga statement ng doktor ko mula sa site na ito?**

Oo, ibinibigay ng UW Medicine ang mga statement ng doktor. Puwede mong i-link ang UW Medicine account mo sa iyong Fred Hutch MyChart. Para makita ang impormasyong ito, dapat mong i-link ang iyong account. Tingnan ang video tutorial na ito kung paano ito gawin.

**Anong partikular na uri ng electronic na paraan ng pagbabayad ang puwede kong gamitin?**

Puwede kang magbayad sa paraang electronic, gamit ang credit card, debit card, o e-check.

## Pagbabayad sa Iyong Bill ng Fred Hutch

Magbayad Online

- Bayaran ang Online na Bill ng Fred Hutch gamit ang Visa, MasterCard, debit card, o e-check.
- Magbayad sa koreo gamit ang tseke, money order, Visa, o Mastercard.
- Ipadala ang mga bayad sa: P.O. Box 34005, Seattle, WA 98124-1511.
- Mga tanong tungkol sa pagsingil: Tumawag sa (206) 606-6226 o sa toll-free na (800) 304-1763, o mag-email sa ptacct@seattlecca.org.

**Portal ng pasyente**

Maaari ding bayaran ng mga pasyente ang kanilang bill gamit ang portal ng pasyente ng Fred Hutch na MyChart.

Tingnan ang Iba pa o I-activate ang Iyong Account

## Patakaran sa Pagkolekta ng Fred Hutch

Patakaran sa Pagkolekta ng Fred Hutch (English) (PDF)

Patakaran sa Pagkolekta ng Fred Hutch (Russian) (PDF)

Patakaran sa Pagkolekta ng Fred Hutch (Spanish) (PDF)

Patakaran sa Pagkolekta ng Fred Hutch (Vietnamese) (PDF)

Patakaran sa Pagkolekta ng Fred Hutch (Chinese) (PDF)

Patakaran sa Pagkolekta ng Fred Hutch (Korean) (PDF)

## Tulong Pinansiyal

May makukuhang Tulong Pinansiyal kung kwalipikado ang iyong kita. Tinutulungan ng Fred Hutch ang mga residente ng estado ng Washington sa ilang sitwasyon. Maraming iba pang organisasyon ang puwedeng tumulong sa pagbabayad para sa pagpapagamot, gamot, pabahay, at iba pang pangangailangan.

Mga Resource para sa Tulong Pinansiyal